



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-24 ng Abril, 2026

## Ang mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay Ipinadala na sa mga Rehistradong Botante para sa Gubernatoryal na Primarya sa Hunyo

Ang mga pamplet ng impormasyon para sa mga botante ay ipinapadala na sa mahigit 2 milyong rehistradong botante ng County para sa [Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon sa Ika-2 ng Hunyo](#).

Ang bawat pamplet ay may kasamang mga opsyon sa pagboto, mga pangunahing deadline ng eleksyon at isang sampol na balota na nagpapakita kung ano ang magiging hitsura ng opisyal na balota.

Ang mga botante ay makakahanap din ng listahan ng mga opisyal na ballot drop box at vote center, o maaari nilang tingnan ang mga lokasyon online sa [sdvote.com](http://sdvote.com).

Ang mga residenteng nag-sign up upang makatanggap ng mga pamplet sa elektronikong paraan ay dapat nakatanggap na ng email na may direktang link sa kanilang pamplet. Ang mga pipili sa opsyong ito ay hindi na makakatanggap ng papel na kopya sa pamamagitan ng koreo at sa halip ay makakatanggap ng email kapag ang pamplet ay nai-post online.

Ang mga botante na gustong makatanggap ng kanilang pamplet sa sandaling ito ay maging available sa bawat eleksyon ay maaaring [mag-sign up](#) para sa elektronikong paghahatid. Ang mga pipili sa opsyong ito ay hindi na makakatanggap ng papel na kopya sa pamamagitan ng koreo at sa halip ay makakatanggap ng email kapag ang pamplet ay nai-post online.

Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo at maaaring ibalik ito sa isa sa tatlong paraan:

- Sa pamamagitan ng koreo (hindi kailangan ng selyo)
- Sa isang opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro, na available mula Ika-5 ng Mayo hanggang sa huling araw ng pagboto, Ika-2 ng Hunyo
- Sa alinmang vote center

Magsisimulang dumating ang mga balota sa linggo ng Ika-4 ng Mayo, na nagbibigay sa mga botante ng halos isang buwan upang markahan at ibalik ang mga ito bago o sa huling araw ng pagboto sa Ika-2 Hunyo.

### Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE  
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-24 ng Abril, 2026

Magsisimula ang personal na pagboto sa Lunes, Ika-4 ng Mayo, sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa (5600 Overland Avenue, San Diego). Oras: ika-8 ng umaga hanggang ika-5 hapon., Lunes hanggang Biyernes.

## Mga Vote Center

Ang mga botante na mas gustong bumoto nang personal ay maaaring bumisita sa isang vote center simula Ika-23 ng Mayo hanggang Ika-2 ng Hunyo. Samantalain ang maagang pagboto upang maiwasan ang mahabang pila.

- **Ika-23 ng Mayo:** Piling mga vote center ay bukas araw-araw, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- **Ika-30 ng Mayo:** Lahat ng vote center ay bukas araw-araw, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- **Ika-2 ng Hunyo,** sa huling araw ng pagboto: Lahat ng vote center, opisyal na ballot drop box, at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas mula Ika-7 ng umaga hanggang Ika-8 ng hapon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [sdvote.com](https://sdvote.com) o tumawag sa **858-565-5800** o toll-free sa **800-696-0136**.

###

COUNTY**NEWS**CENTER   